



# Fact Sheet

## Divorce [DIBORSYO]

Ang Fact Sheet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagdiborsyo sa Canada sa ilalim ng pederal na [Divorce Act](#). Ang Batas na ito ay umaaplay kapag kahit isang asawa man lamang ay nanirahan sa isang province o territory sa Canada nang isang taon man lamang bago sila nag-aplay na magdiborsyo.

Kung ni ikaw o ang iyong asawa ay nakatira sa Canada, hindi kayo maaaring magdiborsyo sa ilalim ng [Civil Marriage Act](#). Gayunman, sa ilang mga limitadong sitwasyon, maaari mong itigil ang iyong pag-aasawa sa ilalim ng [Divorce Act](#) kung natutupad mo ang ilang mga pamantayan.

### Ano ang diborsyo?

Ang diborsyo ay ang legal na proseso na dapat daanan ng mag-asawa upang tapusin ang kanilang pag-aasawa. Ang mga mag-asawa lamang ang maaaring magdiborsyo, at ang korte lamang ang maaaring magbigay ng diborsyo. Oras na natapos na ang proseso, ang korte ay mag-iisyu ng isang divorce certificate na nagpapatunay na hindi ka na itinuturing na may asawa.

### Anong mga batas ang umaaplay sa diborsyo?

Ang [Divorce Act](#) ay ang pederal na batas na umaaplay kapag humiling na magdiborsyo ang mag-asawa o nagdiborsyo na sila sa Canada. Bukod pa sa pagtakda ng mga kondisyon para makapagdiborsyo, tinutugunan nito ang mga isyu tulad ng child support [pinansiyal na suporta sa anak], spousal support [pinansiyal na suporta sa asawa], at mga pag-aayos ng mga magulang sa pagmamagulang sa mga anak sa mga kaso ng diborsyo. Maaari ring umaplay ang mga pang-province o pang-territory na batas sa ilang mga isyu, tulad ng paghahati ng property ng mag-asawa.

Ang mga pang-province o pang-territory na batas ay umaaplay sa mga mag-asawa na naghiiwalay pero hindi nag-aaplay na magdiborsyo, at sa mga hindi kasal na naghiiwalay. Sa pangkalahatan, ang mga batas na ito ay katulad ng mga patakaran sa ilalim ng [Divorce Act](#), ngunit may ilang mga pagkakaiba. Ang impormasyon tungkol sa mga batas na ito ay available mula sa [Ministry of Justice o Attorney General ng iyong province o territory](#).

## **Paano ba ako makakapagdiborsyo sa Canada?**

Upang makapagdiborsyo, kailangan mong magsumite ng aplikasyon sa isang korte sa province o territory kung saan ka o ang iyong asawa nakatira. Ang mga porma ng aplikasyon at mga pamamaraan sa diborsyo ay nag-iiba-iba, depende sa province at territory. Ang impormasyon tungkol sa pag-aplay na magdiborsyo sa iyong province o territory ay makukuha mula sa [Ministry of Justice o Attorney General ng iyong province o territory](#).

## **Kailangan ko ba ng dahilan upang magdiborsyo?**

Upang makapagdiborsyo, kailangan mong ipakita na nasira na ang iyong pag-aasawa sa isa sa tatlong paraan:

- ikaw at ang iyong asawa ay naghiwalay at hiwalay na kayong naninirahan nang isang taon man lamang; **o kaya**
- ang iyong asawa ay malupit sa iyo sa pangkatawan o pangkaisipan, at hindi mo na matiis ang inyong patuloy na pagsasama; **o kaya**
- nagkasala ng adultery (nagkaroon siya ng sekswal na relasyon sa iba) ang iyong asawa.

## **Kailangan ko bang maghintay bago ako mag-aplay?**

Kung sinasabi mong nasira ang iyong pag-aasawa dahil ikaw at ang iyong asawa ay hiwalay, hindi mo kailangang maghintay upang mag-aplay, basta ikaw at ang iyong asawa ay hiwalay na naninirahan kapag ikaw ay nag-aplay. Gayunman, ikaw at ang iyong asawa ay dapat hiwalay na naninirahan nang isang taon man lamang bago maaaring pahintulutan ang iyong diborsyo.

Maaari kang mag-aplay kahit kailan kung sinasabi mong nasira ang iyong pag-aasawa dahil sa pangkatawan at/o pangkaisipang kalupitan o dahil sa adultery.

## **Ano ang mangyayari kung sinubukan naming manirahan nang magkasama muli pagkatapos namin manirahan nang hiwalay sa isa't-isa?**

Kung nag-aplay kang magdiborsyo batay sa isang taong paghihiwalay, maaari kayong manirahan nang magkasama muli nang hanggang 90 araw upang magsikap na magkasundo muli. Kung hindi kayo magkasundo, maaari mong ipagpatuloy ang iyong aksyon na magdiborsyo na parang hindi kayo kailanman nagsama muli.

## **Paano kung mayroon kaming mga anak?**

Ang pinakamainam ay kapag magkakasundo ang mga magulang sa [child support](#) at [mga kaayusan sa pagmamagulang sa mga anak](#). Gayunman, kapag hiniling ang korte, ito'y maaaring mag-utos tungkol sa mga isyu na ito bilang bahagi ng divorce proceeding.

Ang isang korte ay makapagbibigay lamang ng diborsyo kapag nasisiyahan ito na gumawa ng mga makatwirang [pag-aayos para sa child support](#) para sa sinumang mga anak sa pag-aasawa.

### **Hindi ko kayang magbayad sa isang abogado. Saan ako makakakuha ng tulong sa aking diborsyo?**

Ang iyong province o territory ay maaaring may [mga serbisyo sa family justice](#) tulad ng mediation na makakatulong sa iyo at sa iyong asawa na magkasunduan sa ilan o lahat ng mga isyu bago ka magpunta sa korte.

### **Maaari ko bang katawanin ang aking sarili sa korte?**

Ang family law (batas ukol sa pamilya) ay maaaring komplikado minsan. Kailangan mong maunawaan ang iba't-ibang mga batas na umaaplay sa iyong sitwasyon, at kailangan mo rin maunawaan ang mga pamamaraan sa korte sa iyong province o territory. Bago ka magpasiya kung kakatawanin mo ang iyong sarili o hindi, mainam ang kumonsulta sa isang abogado upang makakuha ng tulong sa iyong mga isyu sa family law, kahit na iisang meeting lamang ang pupuntahan mo. Ang iyong province o territory [ay maaaring makapag-refer sa iyo ng isang abogado](#) sa family law na makapag-aalok ng maikling konsultasyon nang libre o sa mas mababang rate.

### **Kailan magkakabisa ang isang diborsyo?**

Sa karamihan ng mga kaso, ang diborsyo ay nagkakabisa 31 araw matapos pahintulutan ng huwes ang diborsyo. Pagkatapos pahintulutan ng korte ang diborsyo, ang mga dating mag-asawa ay maaaring humingi ng divorce certificate na nagpapatunay sa kanilang diborsyo at nagsasabi kung kailan ito nagkabisa.

### **Paano ako makakakuha ng kopya ng aking divorce certificate?**

Upang makakuha ng kopya ng iyong divorce certificate, o iba pang impormasyon tungkol sa iyong diborsyo, kailangan mong kontakin ang korte na nagproseso ng diborsyo.

Kung hindi ka sigurado kung aling korte ang nagproseso ng iyong diborsyo, maaari mong kontakin ang Central Registry of Divorce Proceedings upang malaman. Ang Registry ay hindi makapagbibigay sa iyo ng detalyadong impormasyon tungkol sa isang diborsyo o isang kopya ng iyong divorce certificate. Maaaring maibigay sa iyo ng Registry ang address ng korte na nagproseso sa diborsyo, at maaari ring maibigay nito ang reference number upang tulungan ang korte na mahanap ang iyong rekord.

Upang kontakin ang Registry:

- tawagan ang 613-957-4519, o para lamang sa mga may kapansanan sa pandinig, tawagan ang 1-800-267-7676; o kaya

- punan ang isang [Search Request Form](#) at ipadala ito sa address na nasa pormularyo.

Mangyaring siguraduhin na nasa iyo ang sumusunod na impormasyon kapag ikaw ay tumatawag:

- ang buong pangalan at petsa ng kapanganakan ninyong dalawa ng iyong dating asawa; at,
- ang petsa kung kailan kayo kinasal.

***Para sa libreng karagdagang impormasyon tungkol sa diborsyo at paghihiwalay, panoorin ang maikling [video](#) na ito mula sa Justice Canada, o bisitahin ang aming website:***

**[Canada.ca/family-law](http://Canada.ca/family-law)**

**Pagbubunyag:** Hindi ito legal na teksto at hindi ito nagbibigay ng legal na payô. Dahil ang family law ay maaaring komplikado, ang karaniwang pinakamainam na gawin ng mga indibidwal ay ang humingi ng payô tungkol sa kanilang sitwasyon mula sa isang abogado sa family law. Ang mga abogadong ito ay ang pinakamainam na makapagbibigay ng legal na payô tungkol sa mga karapatan at mga obligasyon. Ang karamihan ng mga pang-province at pang-territory na bar associations ay nag-aalok ng [Lawyer Referral Services](#) (makapagbibigay sila ng mga pangalan ng abogado). Ang ilang mga abogado ay maaaring makonsulta nang libre o nang mas mababâ ang rate sa unang beses, o maaaring pagpasiyahan ng mga tao na mangonsulta sa isang abogado nang ilang beses lamang upang matulungan sila nito sa ilang mga aspeto ng kanilang ispesipikong sitwasyon.